# Panatilihin ang Iyong Mga Benepisyo sa CalFresh: Pag-unawa sa Mga Limitasyon sa Oras at Pagkakabukod

## Ano ang Mga Panuntunan ng CalFresh sa Limitasyon sa Oras? Nalalapat ba ito sa Akin?

Nagbago na ang Mga Panuntunan ng CalFresh. Kakailanganin ng **ilang nasa hustong gulang na 18 hanggang 64 na taong gulang** na magtrabaho, magboluntaryo, o pumasok sa paaralanl para makakuha ng mahigit 3 buwan ng mga benepisyo sa CalFresh sa loob ng nakatakdang 36 na buwang yugto.

**Maraming tao ang nakabukod sa mga panuntunang ito! Kung sa palagay mo ay dapat na nakabukod ka, ipaalam sa lingkod ng county mo.**

## Paano Ko Matutugunan ang Mga Kinakailangan sa Trabaho?

### Kung ikaw ay napapailalim/hindi nakabukod sa mga kinakailangang ito, matutugunan mo ang mga kinakailangan sa pamamagitan ng:

- May bayad na pagtatrabaho na kumikita ng $217.50 kada linggo
- Anumang kombinasyong may kabuuang 20 oras kada linggo:
  - Pagtatrabaho, kabilang ang self-employment
  - Pagboboluntaryo, serbisyong pampamayanan, o in-kind na trabaho
  - Pagpasok sa paaralan, kolehiyo, o sa isang pang-edukasyong Programa
  - Mga Inaprubahang Programa sa Pagsasanay
- Workfare (itanong sa iyong lingkod ng county)
- Pakikilahok sa Pinalawig na Pansamantalang Pangangalaga

### Paano ko mapapatunayan na nagtrabaho o nakilahok ako sa isang aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa pamayanan?

- Mga pay stub sa loob ng nakalipas na 30 araw
- May pirma at petsang sulat na may letterhead ng iyong employer na naglalaman ng inaasahang oras ng trabaho kada linggo
- Patunay ng iyong self-employment (hal., mga resibo, statement ng bangko)
- Patunay ng in-kind na trabaho
- Magsumite ng Form ng Beripikasyon ng Pagboboluntaryo sa CalFresh

**Ikaw ba ay may edad na 18 hanggang 64 na taong gulang?**

**Hindi -** Nakabukod ka sa kinakailangan sa trabaho

**Oo**

**May natutugunan ka bang pagkakabukod sa mga pangkalahatang kinakailangan sa trabaho?** (tingnan ang susunod na pahina)

**Oo -** Nakabukod ka sa kinakailangan sa trabaho

**Hindi**

**May natutugunan ka bang pagkakabukod sa mga kinakailangan sa limitasyon sa oras?** (tingnan ang susunod na pahina)

**Oo -** Nakabukod ka sa kinakailangan sa trabaho

**Hindi**

**Kinakailangan mong sumunod sa panuntunan sa kinakailangan sa trabaho**

**Ako ay kabilang sa sambahayang may iba't ibang katayuan- nalalapat ba ang mga kinakailangang ito sa akin?**

Ang mga pamilyang tumatanggap ng CalFresh para sa kanilang mga anak na menor de edad ay HINDI mapapailalim sa mga panuntunang ito.

Baliktarang dokumento →

The Children's Partnership
California Protecting Immigrant Families
California Immigrant Policy Center
Visión y Compromiso
California Immigration Project
ARI

# Panatilihin ang Iyong Mga Benepisyo sa CalFresh: Pag-unawa sa Mga Limitasyon sa Oras at Pagkakabukod

## Paano ako magiging kwalipikado sa pagkakabukod sa mga kinakailangan sa trabaho?

**Hindi ka napapailalim sa mga kinakailangan kung natutugunan mo ang alinman sa mga sumusunod na pagkakabukod. Lagyan ng check ang anumang pagkakabukod na nalalapat sa iyo! Sabihin sa county ang tungkol sa mga pagkakabukod na sa palagay mo ay kwalipikado ka!**

- [ ] Mas bata sa 18 taong gulang o mas matanda sa 64 na taong gulang
- [ ] Hindi kayang regular na magtrabaho nang 20 oras kada linggo dahil sa isang problema sa kalusugan ng katawan o pag-iisip
- [ ] Buntis
- [ ] Responsable sa pangangalaga sa isang dependent na anak na mas bata sa 14 na taong gulang sa iyong sambahayan sa CalFresh
- [ ] Nangangalaga sa isang taong may sakit, napinsala, o may kapansanan
- [ ] Nag-aaral nang kahit half-time (maaaring nalalapat ang mga panuntunan sa pagiging kwalipikado ng mag-aaral)
- [ ] Nakakatugon o hindi napapailalim sa mga panuntunan ng CalWORKs Welfare-to-Work
- [ ] Nakakatanggap ng o nag-a-apply para sa mga benepisyo sa Kawalan ng Trabaho
- [ ] Nakakatanggap ng o nag-a-apply para sa mga pangkapansanang benepisyo na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa mga pangkapansanang benepisyo ng Beterano, kabayaran sa mga manggagawa, Pandagdag na Kitang Panseguridad (Supplemental Security Income, SSI), o mga pansamantala o permanenteng pangkapansanang benepisyo na ibinibigay ng Estado
- [ ] Pakikilahok sa isang Programa sa Pagsasanay ng Tanggapan ng Paglilipat ng Tirahan ng Refugee
- [ ] Isang Indian, Urban Indian, o California Indian (miyembro o inapo ng mga pederal na kinikilalang tribo)

**Sabihin sa county kung mayroon kang magandang dahilan kung bakit hindi mo natutugunan ang mga panuntunan (tulad ng isyu sa transportasyon, personal o pampamilyang emergency, sakit). Makakatulong ito sa iyo na manatili sa CalFresh.**

## Checklist ng Mga Bagong Kinakailangan sa Trabaho at Pakikipag-ugnayan sa Pamayanan ng CalFresh

## Ano ang dapat kong gawin para mapanatili ang aking mga benepisyo sa CalFresh?

**I-click ang:** BenefitsCal.com

**Tumawag sa:** Direktang makipag-usap sa isang lokal na tanggapan ng county: 1-877-847-3663 (FOOD). Para sa tulong sa pagsasalita at/o pakikinig, tawagan ang 711 Relay.

**Pumunta sa:** Bisitahin ang iyong lokal na tanggapan sa serbisyong panlipunan ng county. Maghanap ng mga lokasyon sa: CalFreshFood.org